
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Analyn P. Manapol, Irene Cuizon, Frederick Dumagan, Jocoh Romero

**Editor:** Mylene F. Sardido

**Tagasuri:** Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** Ramon S. Gravino, Jr.

**Tagaguhit at Tagalapat:** Frederick Dumagan

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Cristy C. Epe, Beverly S. Daugdaug, Mary Joy B. Fortun, Imelda T. Cardines, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin!

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Magkakaroon ka ngayon ng bagong aralin. Ang modyul na ito ay ginawa para sa iyo. Ito ay magbibigay sa iyo ng bagong kasanayan upang mas mapaunlad pa ang iyong pagbabasa.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

- Nakapagbabasa ng mga salitang hiram na natutunan sa aralin (F3PP-IVcg-2.5 ).

## Subukin

Basahin ang kuwento at isulat sa iyong sagutang papel ang mga salitang hiram.

**Handog sa Kaarawan**

ni: Analyn P. Manapol

Kaarawan ni Vera. Masayang -masaya siya dahil lahat ng kanyang mga kaibigan ay nagpunta sa kanyang kaarawan. Lahat sila ay binigyan niya ng mga sorpresa.

“ Inay, salamat po sa handog ninyo sa kaarawan kong ito, ”masayang sambit ni Vera.

“ Walang anuman anak!,” tugon ng ina na puno ng pagmamahal.

“ Inay, ano-ano po ba ang handog mo sa akin? Sinabi po ninyo kanina na marami kang nakahanda para sa akin? Excited na po ako, Inay!, ” dagdag ni Vera.

“ Vera, anak, ipinagluto kita ng paborito mong pagkain. Naghanda ako ng maraming spaghetti, macaroni salad at fried chicken. Lahat ng mga gustong-gusto mo! At bukas anak, anyayahan mo ang mga kaibigan mo na sumali sa ating gagawing volunteer work. Mamimigay tayo ng relief goods sa mga kababayan nating nasalanta ng bagyo. Bibigyan natin sila ng food packs at mga damit bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap mo sa iyong kaarawan,” masayang pahayag ng ina.

“ Naku, Inay! Opo, aanyayahan ko na ang aking mga kaibigan!,” sabi ni Vera.

Kung naisulat mo nang tama ang 10 salitang hiram mula sa kuwento sa itaas, maaari mo nang laktawan ang modyul na ito.

Subalit kung may pagkakamali ka kahit na isang bilang, kailangan mong ipagpatuloy ang modyul na ito.

# Aralin 10 Salitang Banyaga, Nababasa Ko Rin!

Simulan mo nang matuto ng bagong kaalaman!

Sa araling ito, mapag-aaralan mong kilalanin at basahin ang mga salitang hiram. Bibigyang- halaga mo rin ang mga pagbabagong nangyayari sa ating sariling wika sa pagdaan ng panahon.

Sana ay magiging kawili-wili ang iyong pagkatuto sa araling ito!

## *Balikan*

Maglaro tayo!

Alalahanin ang iyong aralin sa nagdaang modyul!

Piliin mo ang angkop na salitang kilos sa bawat pangungusap upang maging wasto ang mga ito. Isulat mo ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Tuwing umaga, ____________________ si Inay sa kanyang mga halaman.
   A. nagdidilig B. nagwawalis C. nagsusuklay
2. Sina Ben at Ana ay sabay na ______________ sa hapag-kainan upang kumain.
   A. tumayo B. nagpunta C. kumanta
3. Upang mapangalagaan ang ngipin, tatlong beses sa isang araw _______________________ si Wea.
   A. umiinom B. natutulog C. nagsisipilyo
4. Masayang __________________ sa parke kasama ang pamilya.
   A. maglaro B. magbasa C. sumulat
5. Tinuruan ng Tatay sina Grace at Liam na ___________ bago kumain.
   A. magdasal B. tumalon C. umikot

Kung matagumpay mong nahanap ang wastong kasagutan sa gawain sa itaas, napakagaling mo! Binabati kita!

*Mga Tala para sa Mga Magulang o Tagapag-alaga*

Maaaring basahin ng magulang o tagapag-alaga ang panuto sa masiglang paraan at gabayan ang mag-aaral sa habang sinasagot ang mga gawain sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa.

# *Tuklasin*

Sa bahaging ito, magbabasa ka ng kuwento tungkol kay Mark na mahilig sa **junk foods**.

Matapos mong basahin ang kuwento ay sagutin mo ang mga gabay na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



## Ang Hilig ni Mark

ni : Analyn P. Manapol

Hilig ni Mark ang kumain. Kadalasan ay iba't ibang pagkain ang nasa isip niya.

Isang araw, sumama si Mark sa kanyang ina na mamalengke. Masayang- masaya si Mark. Naaaliw siyang tingnan ang mga nakahelerang pagkain.

"Kakain ako mamaya ng maraming hotdog at iinom ng malamig na softdrinks. Magpapabili rin ako ng bubble gum at chips, " pabulong na sabi ni Mark sa sarili.

Nang biglang nagulantang si Mark. Tinatawag na pala siya ng kanyang ina na nakaupo na sa silya sa isang kainan.

Nagulat si Mark nang dumating ang mga inihain na order!

Puto maya, bibingka at tsokolate!

"Alam ko ang nasa isip mo anak, kitang-kita ko sa mga mata mo lahat ng gusto mong bilhin at kainin sa mga nadaanan natin kanina subalit lahat iyon ay junk foods. Dapat mong alagaan ang sarili mo habang bata ka pa kaya kumain ka ng mga masustansiyang pagkain, " paalala ng ina.

Gabay na mga tanong:

1. Sino ang batang lalaki sa kuwento?

   ______________________________________________

2. Ano ang hilig niyang gawin?

   ______________________________________________

3. Ano-ano ang nais niyang kainin?

_______________________________________________

4. Bakit nagulat si Mark?

_______________________________________________

5. Sa palagay mo, bakit kaya ayaw ng ina ni Mark na kumain siya ng mga junk foods?

_______________________________________________

## Suriin

Napansin mo ba ang mga salitang may salungguhit sa kuwento? Ito ay tinatawag na salitang hiram.

Ano nga ba ang mga salitang hiram?

Ang salitang hiram ay mga salitang mula sa wikang banyaga. Minsan ito ay nagmula sa wikang Espanyol , wikang Ingles o sa iba pang wika.

Makikilala natin ang mga salitang hiram kung:

1. Ito ay salita na orihinal na nagmula sa wikang banyaga at walang katumbas na wikang Filipino. Maaring ito ay ginagamitan ng walong (8) dagdag na titik ng alpabeto C, F, J, Ñ, Q, V, X , Z.

Halimbawa:

a. Pangngalang Pantangi- Vladimir, Niña, Xerxes, Nueva Vizcaya, Mongol
b. Pangngalang pambalana- xerox, xerox machine, elevator, escalator, cotton candy, lollipop, hotdog, fries, pizza pie, folder, jam, jelly
c. Salitang Siyentipiko/Teknikal- carbon dioxide, x- axis, oxygen

2. Ito ay salitang hiram kung nagmula ito sa wikang banyaga na binigyan ng katumbas ng ating wika.

Halimbawa:

| Salita mula sa Wikang Banyaga | | Katumbas sa Wikang Filipino |
|---|---|---|
| a. candela | (Espanyol) | kandila |
| b. vacacion | (Espanyol) | bakasyon |
| c. chinelas | (Espanyol) | tsinelas |
| d. teacher | (Ingles) | titser |
| e. police | (Ingles) | pulis |
| f. plastic | (Ingles) | plastik |

Ngayon subukin mong basahin ang mga salitang hiram na galing sa kuwento.

junk foods hotdog softdrinks bubble gum

chips order silya tsokolate

Nabasa mo ba nang wasto ang mga ito? ( Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)

Pagsikapan na mabasa mo nang wasto ang lahat ng salitang hiram.

# Pagyamanin

Magaling!

Narating mo na ang bahaging ito ng modyul!

**Gawain A**

Subukin mong mapalawak ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paghahanap sa lahat ng salitang hiram mula sa kuwentong ito. Isulat mo ito sa sagutang papel at basahin mo nang wasto ang bawat salita.

( Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)



**Nagbago na nga!**

ni: Analyn P. Manapol

Pagsasaka ang ikinabubuhay ng mag-anak ni Mang Delfin sa isang nayon.

Isang umaga, sumama sa bukirin ang anak ni Mang Delfin na si Fritzie. Tutulong si Fritzie sa pagtatanim ng mais.

“ Tatay, napakahirap palang magtanim. Sumasakit na ang likod ko at ang init pa po. Pasensiya po Tatay, ” sabi ni Fritzie sa kanyang ama.

“ Naku, anak! Kakaunti pa lang ang natapos mo,” napangiting sagot ng ama sa anak.

“Alam mo anak, mas mabuti ang panahon ng pagtatanim noon kaysa ngayon. Sobrang init na kahit alas-nuwebe pa lang ng umaga. Kami noon, kahit abutin pa ng alas-dose kaya pa naming magpatuloy sa pagtatanim,” paliwanag ng ama.

“Tatay, sinabi ng aming titser na nangyari ito dahil sa global warming. Nasira na kasi ang **ozone layer** at pinatataas nito ang ultraviolet radiation kaya masyado nang mainit ngayon kaysa noon,” malungkot na paliwanag ni Fritzie sa ama.

“A, kaya pala, naku anak! Huminto na muna tayo at babalik na lang tayo mamayang hapon kapag hindi na masyadong mainit,” sambit ni Mang Delfin.

Pormula sa Pagkuha ng Marka sa Wastong Pagbabasa:

$$\frac{\text{Bilang ng Wastong Nabasa na Salitang Hiram}}{\text{Kabuuang Bilang ng Lahat ng Salitang Hiram}} \times 100 = \text{Nakuhang Marka}$$

- Kinakailangang makakuha ka ng 100% na kawastuhan sa pagbasa. Kung sa unang subok mo sa pagbasa hindi mo nakamit ang markang ito, pag-aralan mong muli ang mga salitang hiram at basahin hanggang sa

## Gawain B

Hanapin mo ang mga salitang hiram sa bawat bilang. Kopyahin ito sa iyong sagutang papel at basahin mo nang wasto. (Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Malakas | Pedro | Quezon |
| 2. | hydrogen | bakal | hangin |
| 3. | puto | bibingka | doughnut |
| 4. | traysikel | magsasaka | mangingisda |
| 5. | Digos | Bohol | Zambales |

## Gawain C

Sipiin ang salitang hiram mula sa pangungusap sa ibaba at isulat ito sa iyong sagutang papel. Basahin mo ito sa harap ng isang nakatatanda sa iyo na marunong magbasa, guro o tagapagdaloy na handang makinig.

1. Nagkaroon ng problema si Pepe.

2. Pangarap ni Magda na maging doktor.

3. Sumali sa miting ang mga pangulo ng paaralan.

4. Masayang mamasyal sa paligid gamit ang aking bisikleta.

5. Isang mabuting estudyante si Lisa dahil pinahahalagahan niya ang kanyang pag-aaral.

# Isaisip

Punan mo ng mga angkop na salita o parirala ang pangungusap sa ibaba upang ito ay maging wasto at maipakita ang iyong natutuhan tungkol sa aralin na napapaloob sa modyul.

Ang salitang hiram ay mga salitang mula sa wikang ________________ ___________________. Minsan ito ay nagmula sa wikang________________, _________________ o sa iba pang wika.

Makikilala natin ang mga salitang hiram kung

1. ________________________________________________________

   ________________________________________________________

2. ________________________________________________________

   ________________________________________________________

## *Isagawa*

Masaya ako dahil nandito ka na sa bahaging ito ng modyul! Patunayan mo na kaya mo nang gamitin ang iyong natutuhan.

Basahin mo nang wasto ang mga salitang hiram na nakasulat sa ibaba. Karamihan sa mga salitang ito ay palagi mong naririnig sa iyong tahanan.

(Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)

peanut butter

sandwich

reporter

pansit

basket

# *Tayahin*

Narito ka na sa bahaging malalaman mo kung naintindihan mong tunay ang araling ito!

Nakapaloob sa tula ang mga salitang hiram. Basahin mo ito nang wasto. (Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)

**Kasiyahan**
*Ni: Analyn P. Manapol*



Di na masama kung sarili ko'y alagaan
**Gadgets** at iba pa ay aking iniiwasan
Ako raw ay nahuhuli sa mga uso ngayon
Taglay ay **bag** at **notbuk** na patapon.

Di ko man angkin lahat ng mayroon sila
Hangad ko man minsan magkaroon ng isa
**Cellphone**, **ear phones** o ano pang iba
Hirap ng buhay dama kong talaga.


Wala man akong kagamitan tulad ng sa kanila
Maaari ko namang kausapin nang harapan sina ama't ina
Nakakarinig din naman ako ng magagandang **musika**
Sayang mayroon ako 'di mapantayan ng iba pa.

# *Karagdagang Gawain*

Binabati kita! Ito na ang panapos na gawain sa modyul na ito.

Kopyahin mo ang hugis sa iyong sagutang papel. Punuin mo ng mga salitang hiram ang mga bilohaba na nasa ibaba. Pumili ng kasagutan mula sa mga salitang nasa kahon. Basahin mo ito nang wasto kapag naisulat mo na.

(Maghanap ka ng isang mas nakakatanda sa iyo na marunong magbasa, ang iyong guro o tagapagdaloy na makikinig habang binabasa mo ang bawat salitang hiram.)




quartz papel hanapbuhay likido bahay

iskor Magda nars jogging lapis

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Vera, sorpresa, excited, paborito, spaghetti, macaroni salad, fried chicken, fruit juice, volunteer work, relief goods, food

**Balikan**

1. A
2. B
3. C
4. A
5. A

**Tuklasin**

1. Mark
2. Kumain
3. hotdog, softdrinks bubble gum, chips
4. Nagulat si Mark dahil putomaya, bibingka at tsokolate ang order ng ina.
5. ( Posibleng sagot )Ayaw ng in a na kumain ng junk foods si Mark dahi Inakakasama ito sa katawan.

**Suriin**

1. junk foods, hotdog, softdrinks, bubble gum, order, chips, silya, tsokolate

2. ( Posibleng sagot ) Ito ay mga salitang hiram dahil sila ay galing sa salitang banyaga.

**Pagyamanin**

Gawain A:Delfin, Fritzie, alas-nuwebe, alas- dose, titser, global warming, ultraviolet radiation

Gawain B:
1. Quezon 2. hydrogen 3. doughnut
4. traysikel 5. Zambales

Gawain 3: Pagbabasa ng mga salita:
problema
doktor
miting
bisikleta
estudyante

Gawain C:
1. Quezon 2. hydrogen 3. doughnut
4. traysikel 5. Zambales

**Isaisip**

Banyaga
Espanyol o Ingles
1. Gumagamit ng 8 dagdag nasalita o salitang hiniram na di binago ang baybay
2. Salitang galling sa ibang wika na binigyan natin ng katumbas na salita.

**Isagawa**

Pagbabasa ng mga salita:
peanut butter
sandwich
reporter
pansit
basket

**Karagdagang Gawain**

quartz
likido
iskor
nars
jogging

**Tayahin**

Pagbabasa ng mga salita:
gadgets
bag
notbuk
cellphone
ear phones
musika

# *Sanggunian*

Almario, V. S. (2014). *KWF, Manwal sa Masinop na Pagsulat.* Manila: Komisyon sa Wikang Filipino; p. 18-22.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph